Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagkilala sa Sugnay na Makapag-iisa

Panuto: Salungguhitan ang *sugnay na makapag-iisa* o ang *malayang sugnay* sa bawat pangungusap.

1. Hatinggabi na ako nakatulog kaya inaantok pa ako.
2. Dahil hindi nakinig sa guro si Mateo, hindi niya alam kung ano ang gagawin sa klase.
3. Nakatayo nang tuwid ang mga bata habang inaawit nila ang *Lupang Hinirang*.
4. Matalino si Angela ngunit minsan ay tinatamad siyang mag-aral.
5. Kung hindi tayo magtutulungan, ang tagumpay ay hindi natin makakamtan.
6. Kapag wala ang pusa, naglalaro ang mga daga.
7. Napabuntong hininga si Maricel nang malaman niyang hindi siya nanalo sa paligsahan.
8. Sapagkat tinulungan mo ako kanina, ako naman ang tutulong sa iyo.
9. Nang matapos ang sayaw ng pangkat, tumayo at pumalakpak ang mga manonood.
10. Hindi pumasok kahapon si Norma kasi sumakit ang kanyang tiyan.
11. Kambal sina Max at Maxine pero ibang-iba ang kanilang saloobin.
12. Kausapin mo siya nang madalas para lubos mo siyang makilala.
13. Namumukhaan ko ang babaeng iyon subalit hindi ko maalala ang kanyang pangalan.
14. Habang natutulog ang sanggol sa kuna, nagpapahinga ang nanay niya sa sala.
15. Upang maiwasan ang mabigat na trapiko, maagang umaalis ng bahay ang mag-asawa.
16. Walang naglalaro sa palaruan ngayon dahil napakatindi ng init ng araw.
17. Kung naintindihan mo ang tinuro sa atin, madali mong magagawa ang takdang-aralin.
18. Nag-aaral sa Ateneo de Manila si Ben samantalang si Joanna ay nasa Miriam College.
19. Kailangan ibaba ang paglaki ng populasyon upang mas mabilis ang pag-unlad ng ekonomiya ng isang bansa.
20. Mas mainam na bakunahan ang mga alagang aso para maiwasan ang mga nakamamatay na sakit.